

High School Guidance sa taong 2014 para sa mga estudyante at kanilang mga magulang na ang pangunahing wika ay hindi Nihongo

Iskedyul ng entrance examination para sa mga estudyante na nagnanais pumasok sa mga pampublikong senior high schools sa Prepektura ng Saitama para sa pasukang Abril, 2015

Pebrero 2015

- 17 (Martes) Pagsusumite ng application form, exam permit, at iba pa (kung kailangang ipadala sa koreo)
 18 (Miyerkules), 19 (Huwebes) hanggang 12:00 pm Pagsusumite ng application form, exam permit (sa tanggapan)
 23 (Lunes), 24 (Martes) (hanggang 4:00 pm) Maaaring baguhin ang paaralang balak na balak pasukan sa unang pagkakataon

Marso

- 2 (Lunes) Akademiko na pagsusulit (Academic Test)
 3 (Martes) Praktikal na pagsusulit (Practical test) (interbyu sa ilang mga paaralan)
 10 (Martes) 9:00 am Pagpapahayag ng mga pumasa sa nasabing pagsusulit



※Punan ang kakulangan ng estudyante sa mga paaalang hindi umabot sa kapasidad na kailangan. Ang araw ng pagsusulit at pamamaraan para mapunan ang kakulangan ay magkakaiba bawat paaaralan.

Listahan ng Kawani

| Mga bagay na dapat alamin | Kawani | Makikitungo: | Tingnan sa pahina |
|---|--|--|-------------------|
| Entrance examination ng paaralan at bawat paaralan | Paaralang Pampubliko | Sentro ng Pangkalahatang Edukasyon ng Prepektura ng Saitama Telepono : 0 4 8 - 5 5 6 - 2 4 3 9 Email : p7412216@pref.saitama.lg.jp Webpage : http://www.center.spec.ed.jp/ | ⇒ p 2 |
| | Pribadong Paaralan | Kagawaran ng Edukasyon ng Prepektura ng Saitama Management Division for High School Education (isa sa mga asosyon) Telepono : 0 4 8 - 8 3 0 - 6 7 6 6 Email : a6760@pref.saitama.lg.jp Webpage : http://www.pref.saitama.lg.jp/soshiki/s07/ | |
| | | Asosyong Pribadong Junior at Senior High School sa Prepektura ng Saitama Webpage : http://www.saitamashigaku.com/ | |
| Estudyanteng hindi nagtapos mula sa junior high school sa Japan | Kagawaran ng Edukasyon ng Prepektura ng Saitama Human Resource Dept. for Prefectural School Sangay ng Academic Affairs (Gakuji-ka) | Telepono : 0 4 8 - 8 3 0 - 6 7 3 5 Webpage : http://www.pref.saitama.lg.jp/site/nyugakusya-senbat-su/kaigai.html | ⇒ p 2 |
| Tungkol sa scholarship, at iba pa | Kagawaran ng Edukasyon ng Prepektura ng Saitama Sangay ng Financial Affairs (Zai-mu ka) | Pamamaraan ng scholarship sa senior high school sa pampublikong paaralan ng Prepektura ng Saitama Telepono : 0 4 8 - 8 3 0 - 6 6 5 2 Webpage: http://www.pref.saitama.lg.jp/site/j-s/ | ⇒ p 4 |
| | Kagawaran ng Pangangasiwa ng Prepektura ng Saitama Sangay ng Academic Affairs (Gakuji-ka) | 「Sistema ng pagtulong sa mga magulang ng mga estudyante ng pribadong paaralan」 Telepono : 0 4 8 - 8 3 0 - 2 7 2 5 Webpage: http://www.pref.saitama.lg.jp/page/fubofutan2.html | |
| Tungkol sa sistema ng paaralan sa Japan | Ministri ng Edukasyon | 「Gabay para sa mga dahuyang estudyante na papasok sa paaralan dito sa Japan」 Webpage: http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/1320860.htm | |
| Impormasyon para sa mga dayuhang estudyante | Kagawaran ng Edukasyon ng Prepektura ng Saitama Guidance Division para sa Tungkulin ng Pag-aaral | 「Suporta para sa mga dayuhang estudyante」 Webpage : http://www.pref.saitama.lg.jp/page/kikokugai/kokujinsa-poutojigyouto240120.html | |
| Tungkol sa pag-aaral ng linguaheng Hapones | (pampubliko) Saitama International Association Saitama Information and Support | Telepono : 0 4 8 - 8 3 3 - 2 9 9 2 (Secretariat) 0 4 8 - 8 3 3 - 3 2 9 6 (Counseling Center) Webpage : http://www.sia1.jp/guidance/guidance.html | |

1 Entrance examination

| | |
|---|--|
| Kuwalipikasyon | ① Ang sinumang nagtapos ng junior high school sa Japan o sa ibang bansa o ang sinuman na magtatapos sa Marso ng taong 2015. ② Ang sinumang itinuring na hindi nagtapos ng junior high school subalit may kakayahang akademiko na katumbas ng nakatapos. *Ang hindi nakatapos ng junior high school sa Japan ay kinakailangan na kumuha ng "Qualification Certificate" (<i>Shikaku Ninteï</i>) Para sa karagdagang inpormasyon, basahin ang nakasulat sa [2 Ang hindi nakatapos ng pag-aaral sa junior high school sa Japan] |
| Paaralan kung saan gaganapin ang pagsusulit | Lahat ng paaralan na may full-time schooling system at evening classes |
| kapasidad | Ang kapasidad ng mag-aaral na kakailangin ay nag-iiba sa bawat paaralan |
| Kinakailangan na mga dokumento | Application Form, Entrance Examination Permit, School Report, Transcript of Records at iba pa |
| Nilalaman ng Pagsusulit | ① Paaralang nagbibigay ng Akademiko na pagsusulit lamang (Japanese, Math, Social Studies, Science, English) ② Paaralang nagbibigay ng Akademiko na Pagsusulit at Interbyu ③ Paaralang nagbibigay ng Akademiko na Pagsusulit at Praktikal na Pagsusulit |

※Kung nais kumuha ng pagsusulit sa pribadong paaralan, alamin ang detalye sa bawat paaralan.

2 Para sa mag-aaral na hindi nagtapos ng junior high school sa Japan

Para sa mga nagbabalak na pumasok sa paaralang pampubliko (HS na pamamahala ng Prepektura - at pamamahala ng Munisipalidad) kinakailangan kumuha ng 「Qualification Certificate」 (*Shikaku Ninteï*)
 Humingi ng payo sa Kagawaran ng Edukasyon ng Saitama, Prefectural School Management and Personnel Division ng Paaralang Pampubliko ng Prepektura (Kenritsu Gakkou Jjinji-ka) bago isagawa ang aplikasyon.
 ※Para sa mga kukuha ng pagsusulit sa pribadong HS, magtanong at alamin ang patakaran sa bawat paaralan.

Mga dokumento na kinakailangan isumite

| | |
|--|--|
| Pagtanggap ng aplikasyon ng mga estudyanteng nagnanais na mag-aral sa pampublikong paaralan ng HS sa Prepektura ng Saitama sa taong 2015 | Humingi ng application form mula sa Prefectural School Management and Personnel Division (Kenritsu Gakkou Jinji-ka Gakuji Tanto). Ang pormang ito ay maari ring i-download sa homepage. |
| Katibayan ng ang estudyante at ang magulang ay magkasamang naninirahan sa Prepektura ng Saitama. ※ Magkakaiba ang mga dokumento na isumite depende sa uri ng bahay na tinitirhan. | ①Sariling bahay : Kopya ng Rehistro ng Bahay ②Nakatira sa Pampublikong Pabahay: Katibayan ng Paninirahan Pabahay sa pamamahala ng siyudad ⇒makukuha sa City Hall Pabahay sa pamamahala ng Prepektura⇒Sa bawat sangay ng Asosasyon ng Pabahay sa Prepektura ng Saitama(Jutaku kyokyu kousha) ③Nakatira sa apartment o mansion: Kopya nga kontrata sa pangungupa |
| Katibayan na nagtapos mula sa paaralan sa ibang bansa | Katulad ng Diploma o di kaya Report Card |

3 Uri ng Paaralan

(1) Paaralang Pampubliko

| | Araw ng pasok/Oras | Oras ng pag-aaral sa isang araw | Taon ng pagtatapos | Kurso |
|----------------------------|---|--|--------------------|--|
| Full time Schooling system | Lunes hanggang Biyerne 8:30 ng umaga ~3:30 ng hapon | 6 na oras ng klase at club activities | 3 taon | Comprehensive Course Vocational Course (※1) Integrated Course (※2) |
| I Kurso~ III Kurso | Evening Classes Lunes hanggang Biyernes 5:30 hanggang 9:00 ng gabi | 4 na oras ng klase, club activities at school meal | 4 na taon | Comprehensive Course Vocational Course |

| | | Araw ng pasok/Oras | Oras ng pag-aaral sa isang araw | Taon ng pagtatapos | Kurso |
|-----------------------|---------------------|--|---|----------------------|--|
| I Kurso~ III Kurso | Toda Shoyo HS | I Kursong Pang-umaga, II Kursong Pang-hapon, III Kursong Pang-gabi | 4 na oras na klase (Ang Klase ay maari ring ipagsama-sama sa ibang Kurso) Club activities, School meal | 3 taon~ 4 na taon | Integrated Course (unit system) (※3) |
| | Sayama Ryokuyo HS | I Kursong Pang-umaga • hapon II Kursong Pang-hapon • gabi | | | |
| | Fukiage Shuou HS | I Kursong Pang-umaga at hapon II Kursong Pang-hapon at gabi | | | |
| | Yoshikawa Minami HS | I Kursong Pang umaga • hapon II Kursong Pang gabi | | | |
| Correspondence Course | Omiya Chuo HS | Sa isang buwan, 2-3 beses lamang na papasok o pupunta sa paaralan | Ang pag-aaral ay gagawin sa bahay at isumite lamang ang nagawang report | | Comprehensive Course |

- (※1) Ang Vocational Courses ay mayroong Technical, Commercial, Agricultural at Foreign Language
- (※2) Sa Integrated Course naman liban sa kinakailangang mga subjects, ay malaya kang pumili ng kurikulum sa Comprehensive o Vocational Course
- (※3) Ang pag-aaral ay sa paraan ng unit system. Maari kang pumili ng Kursong pag-aaralan - Comprehensive o Vocational Courses tulad ng Welfare, Business, International Culture Studies, Natural Science.

- (2) Pribadong Paaralan (Paaralan maliban sa Paaralang Pampubliko ng HS)
Mayroong Full time Schooling, at Correspondence Courses
Naiiba ang patakaran ng bawat paaralan kaya kailangan sumangguni.



4 Pagbibigay ng naiibang pagtatangi para sa mga banyagang mag-aaral

Mga paaralang nagbibigay ng naiibang pagtatangi sa mga banyagang mag-aaral

Iwatsuki HS (Comprehensive • Foreign Culture) 、 Soka Minami HS (Comprehensive • Foreign Language) 、
Nanryo HS (Comprehensive • Foreign Language) 、 Fukaya Daiichi HS (Comprehensive) 、
Wako Kokusai HS (Comprehensive • Foreign Language) 、 Warabi HS (Comprehensive • Foreign Language)

- ① Sino ang maaring lumahok:
 - Ang sinumang naninirahan sa Prepektura ng Saitama na kasama ang mga magulang o kaya sinumang nagbabalak na titira sa Saitama hanggang Marso 31, 2015.
 - Ang sinumang maninirahan sa Japan sa loob ng 3 taon (mula ika-1 ng Pebrero, 2015)
- ② Ang pagsusulit
Akademiko na pagsusulit (Math / English) at interbyu
※Subalit kapag hindi pumasa sa pamantayan, maari ring mabigo kahit kaunti lamang ang kumuha ng pagsusulit

5 School Orientation

Para sa araw ng pagganap ng school orientation, makipag-ugnayan sa bawat paaralan o sa Sentro ng Pangkalahatang Edukasyon ng Prepektura ng Saitama (kung papasok sa public high school). Ang mga araw ng pagganap ng school orientation ay makikita din sa webpage ng nasabing Sentro. (Saitama Kenritsu Sougo Kyouiku Center)

Ang bawat paaralan ay may kani-kaniyang orientation. Bago magpasiya kung saang paaralan balak kumuha ng pagsusulit, kailangang bisitahin at alamin ang nais pasukan na paaralan. Mayroon ding orientation kung saan pinagsama-sama ang iba' t ibang paaralan.

6 Matrikula

(1) Mga gastusin na kakailanganin sa pagpasok sa high school

| | Pampublikong Paaralang | | Pribadong Paaralan |
|---|---|---|--|
| | Full time Schooling system | Klase na Pang-gabi | Full time Schooling system |
| Entrance examination Fee | ¥2,200 | ¥950 | mga nasa ¥24,000 (average) |
| Enrollment fees (※1) | ¥5,650 | ¥2,100 | mga nasa ¥226,000 (average) |
| Enrollment fees (※2) | ¥118,800 sa 1 taon | ¥32,400 sa 1 taon | Isang taong babayaran ¥377,000 (average) |
| Mga gamit na kailangang bilhin bago pasukan | 「uniform」 「textbooks」 「P.E. uniform」 na nagkahalagang ¥50,000~¥80,000 | | May kamahalan kaysa sa pampublikong paaralan |
| Matrikula | Libre | Libre | Sa 1 taon, humigit-kumulang sa ¥360,000 (average) |
| Iba pang gastusin (※2) | Nasa ¥10,000~¥20,000 sa isang buwan | humigit-kumulang sa ¥5,000 sa isang buwanan | Mas mahal kaysa sa pampublikong paaralan |
| School meal | Walang school meal | Humigit-kumulang sa ¥50,000 sa isang taon | Walang school meal |
| Kabuuan sa loob ng isang taon | Enrollment ¥50,000 Isang taon ¥300,000~¥450,000 | Enrollment ¥20,000 Isang taon ¥200,000 | Nag-iiba depende sa paaralan. Mangyaring makipag-ugnayan sa bawat paaralan. |

(※1) Ang halaga na bayaran ay maaring magbago.

(※2) Ang babayaran sa matrikula ay maaaring magkaroon ng pagbabago.

(※3) May mga pagkakaiba depende sa paaralan.

(※4) Ang iba pang mga gastusin ay PTA membership fee, contributions, Student Council fee, school materials, pag-iipon para sa school excursion at iba pa.

(2) Eksempyon sa babayaran na entrance fee

May mga paaralan ng nagbibigay ng eksempyon sa bayaran sa entrance fee ant iba pang gastusin.

Makipag-ugnayan sa inyong guro bago pumasok o sa lalong madaling panahaon pagkatapos sa unang araw ng pasukan.

7 Scholarship at iba pa

Mayroong sistema nang pinansyal na pagtulong. May dalawang paraan ng pagbabayad nito. Una, yong kailangan na bayaran at pangalawa, ay hindi na kinakailangang bayaran.

Pagbabasehan ang katayuan ng income ng sambahayan o ang school record ng nasabing estudyante.

(1) Tulong mula sa Gobyerno

Tulong para sa pagpasok sa senior high school • Para sa mga estudyanteng papasok hindi lang sa pribadong paaralan kundi sa lahat (kasama rin ang publikong paaralan). Ang aplikasyon ay gagawin sa paaralan. Hindi na kailangang bayaran pagkatapos ng pag-aaral.

(2) Scholarship ng Prepektura

① Sistema ng scholarship ng Prepektura ng Saitama • Para sa mga estudyante na ang magulang ay naninirahan sa Prepektura ng Saitama. Ang aplikasyon ay gagawin sa paaralan. **Kinakailangang bayaran pagkatapos ng graduwasyon sa high school.**

② Sistema ng pagtulong sa mga magulang ng mga estudyante sa pribadong paaralan • Para sa mga estudyanteng balak pumasok sa paaralan sa Prepektura ng Saitama at ito ay naninirahan din sa nasabing Prepektura. Ang aplikasyon ay gagawin sa paaralan. Hindi na kailangang bayaran pagkatapos ng pag-aaral.

(3) Scholarship ng Munisipalidad

May Munisipalidad na nagbibigay ng scholarship at mayroon ding hindi. Alamin sa malapit na munisipalidad.

Inilathala ng: International Affairs Division, Livelihood Unit
Saitama Prefectural Government Office
Tel: 048-830-2717
(Pampublikong Asosasyon) Saitama Prefecture International Association
Tel: 048-833-2992